


Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino Ikalawang Markahan – Modyul 7: Pagsusuri ng mga Teksto Gamit ang Social Media



Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino
Alternative Delivery Mode
Ikalawang Markahan – Modyul 7: Pagsusuri ng mga Teksto Gamit ang Social Media
Unang Edisyon, 2021

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: Ana Maria L. Josue
Editor: Fritz M. Bahilango
Tagasuri: Ernesto C. Caberte, Jr., Leilanie E. Vizarra, Imelda H. Aglibot,
Edryne A. Amon, Gian Carlo C. Villagrancia
Tagaguhit: Ronie C. Suinan
Tagalapat: Jera Mae B. Cruzado, Julie Anne V. Vertudes
Tagapamahala: Francis Cesar B. Bringas
Job S. Zape, Jr.
Ramonito O. Elumbaring
Reicon C. Condes
Elaine T. Balaogan
Fe M. Ong-ongowan
Rommel C. Bautista
Galileo L. Go
Randy D. Punzalan
Elpidia B. Bergado
Noel S. Ortega
Maribeth C. Rieta

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region 4A CALABARZON

Office Address: Gate 2 Karangalan Village, Brgy. San Isidro, Cainta, Rizal
Telefax: 02-8682-5773/8684-4914/8647-7487
E-mail Address: lrmd.calabarzon@deped.gov.ph

**Komunikasyon
at Pananaliksik sa Wika
at Kulturang Pilipino
Ikalawang Markahan – Modyul 7:
Pagsusuri ng mga Teksto Gamit
ang Social Media**

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin


Bilang isang manlalakbay, ikaw ay may pagdaraanang mga pagsubok na huhubog sa iyong kakayahan upang matamo ang sumusunod na kasanayan pagkatapos ng aralin.

Kasanayang Pampagkatuto:

- Nakagagawa ng pag-aaral gamit ang *social media* sa pagsusuri at pagsulat ng mga tekstong nagpapakita ng iba't ibang sitwasyon ng paggamit sa wika. **(F11EP-IId-33)**

Layunin:

- Natutukoy ang epekto ng *social media* sa paggamit ng wika sa pamamaraan ng pagsulat:
- Natutukoy ang pagkakagamit ng wika sa mga istatus o post sa *social media*; at
- Nasusuri ang pagkakagamit ng wika sa iba't ibang sitwasyon.



Subukin

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang mga pahayag. Isulat ang titik ng piniling sagot sa iyong sagutang papel.

- Ito ang ginagamit sa *text* at sa iba pang *social media applications* na karaniwang pagpapalit-palit ng Ingles at Filipino sa pagpapahayag.
 - code-switching*
 - dyaryo
 - radyo
 - telebisyon
- Dahil sa humigit-kumulang na apat na bilyong *text* ang ipinapadala at natatanggap ng ating bansa araw-araw kaya naman ito ang itinaguri sa Pilipinas.
 - Text and Call Capital of the World*
 - Text Capital of the World*
 - Texting Capital of the Philippines*
 - Texting Capital of the World*
- Mananatiling Ingles ang wika nito kahit may mga impormasyon o kaalamang nasusulat sa wikang Filipino o Tagalog.
 - Facebook
 - Instagram
 - internet*
 - Twitter
- Ano ang ibig sabihin ng SMS?
 - Short Message Service*
 - Short Messenger Symbol*
 - Short Messaging System*
 - Smart Messaging System*
- Ito ay paraan ng pagpapakalat ng impormasyon, ideya, mensahe, at iba pa, sa malawak na *audience*, lahat ay maaaring magbahagi basta't may *internet connection*.
 - balita
 - dyaryo
 - radyo
 - social media*
- Ang maituturing na pinakamadaling paraan ng pansariling pakikipag-ugnayan gamit ang Facebook.
 - blog*
 - personal message*
 - wattpad*
 - yahoo*
- Ang pinakamalaking *social media* na karaniwang nababasa ang *post* ng mga komentaryo, pananaw, mensahe, o palitan ng mensahe.
 - apps*
 - Facebook
 - link*
 - text*

8. Ito ay “*search engine*” upang makapangalap ng nakaimbak na mga impormasyon na kailangan lalo na ng mga mag-aaral.
- Google
 - Internet*
 - personal message*
 - Wi-Fi
9. Kilala ang *media* sa mga bidyong panonoorin batay sa mga paksa o impormasyong gustong malaman sa panonood.
- shopping network*
 - Wikipedia
 - WordPress
 - YouTube
10. Makakukuha rito ng mga impormasyong gamit ang mga slide.
- blog*
 - Instagram
 - SlideShare
 - Twitter
11. Ang aplikasyon na karaniwang ginagamit ng magkakaibigan at magkakapamilya upang makipag-ugnayan sa isa’t isa.
- Instagram
 - SlideShare
 - YouTube
 - WhatsApp
12. Pinakamodernong *gadget* na ginagamit halos nang lahat ng tao para sa pakikipag-ugnayan sa kapwa na puwedeng dalhin kahit saan.
- cellphone*
 - megaphone*
 - microphone*
 - telephone*
13. Ginagawa ito matapos maisulat ang mensaheng gustong sabihin para makarating sa taong padadalhan ng mensahe.
- copy*
 - post*
 - message*
 - text*
14. Ang tawag sa paraan ng paggamit ng salita tulad ng “*Where na u, Dito na me*” sa pagte-text upang maipadala sa kinauukulan ang mensahe.
- code switching*
 - haloletra
 - puzzle*
 - shortcut*
15. Salita ng millennial na nagsasaad ng pagkayamot at galit.
- beast mode*
 - moody*
 - pakyeme*
 - waley

Aralin

7

Pasusuri ng mga Teksto Gamit ang Social Media

Sa panahon ngayon, malaki ang nagagawa ng *social media* sa pagtatamo ng karagdagang kaalaman ng mga tao lalo na sa mga mag-aaral. Dito halos kinukuha ang mga impormasyong kailangan sa pag-aaral.



Balikan

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang mga pahayag. Isulat ang titik ng tamang sagot sa iyong sagutang papel.

1. Pinupuntahan ito sa Facebook kung nais magpadala ng mensahe upang maging pribado ito.
 - a. Google Drive
 - b. *internet*
 - c. Messenger
 - d. *text message*
2. Ito ang ginagawa pagkatapos magbigay ng pahayag o reaksiyon sa nabasa sa internet.
 - a. *edit*
 - b. *like*
 - c. *message*
 - d. *post*
3. Nakasulat sa wikang Filipino ang nilalaman nito sa internet.
 - a. akdang pampanitikan
 - b. batas ng ibang bansa
 - c. impormasyong pang-agham
 - d. rebyu ng pelikulang Ingles



Mga Tala para sa Guro

Pagkatapos sagutan ang mga tanong, ihanda ang mga mag-aaral para sa susunod na bahagi ng modyul



Tuklasin

Napakalaki ang naitutulong ng *social media* sa mga tao ngayon. Dahil ditto, napadadali ang mga nais nating sabihin sa ating kaibigan at mahal sa buhay lalo na kung sila ay nasa malalayong lugar. Pinapadali nito ang pagtanggap at pagpapakalat ng balita. Dahil sa patuloy at aktibong paggamit ng mga Pilipino sa iba't ibang *social networking sites*, tinagurian ang Pilipinas na *Social Media Capital of the World* noong taong 2015.

Bukod sa pamamaraan ng estilo ng pagsusulat sa *social media*, mapapansin din dito ang pagiging iresponsable sa pagpapakalat ng maling impormasyon o balita, maging ang hindi maingat na pagbibigay ng mga pahayag at komentong walang sapat na batayan.

Dahil sa *social media*, maraming mga bagong salita ang umusbong at nauso na patuloy na ginagamit at tinatangkilik ng mga tao katulad ng mga wika ng mga beki o tinatawag na *gay lingo* at *Jejemon* o tinatawag na *millennial word*.

Ngunit dahil sa *social media*, maraming kabataan ang nagagawang baguhin ang wika sa pamamagitan ng pagpapaikli, paghahalo ng Ingles at Filipino, pagbabago ng *spelling*, termino, at kahulugan ng mga salita, at paghalo-halo ng mga numero, mga simbolo, at mga malaki at maliit na letra.

Halimbawa:

1. Pagpapaikli at pagkakaltas ng mga salita sa *text*

Always a Pleasure- AAP

God Bless You-GBU

2. Paghahalo ng Ingles at Filipino

d2 na me MuZtaH

Wr u na?

3. Paghahalo-halo ng numero at malalaki at maliliit na titik

aQcKuHh iT2h

iMiszcKyUH



Suriin

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang sanaysay at pagkatapos ay sagutin ang mga tanong.

Epekto ng Teknolohiya sa Wika

Kapansin-pansin ang patuloy na paglaganap ng teknolohiya sa ating bansa lalo na ang walang humpay na paglabas ng makabagong mga produkto tulad ng *tablet* at *iPad* ng Apple. Sanhi ng patuloy na pag-unlad ng makabagong panahon ay ang pag-uso ng paggamit ng pinaikling salita tulad na lamang ng “*ansaveh*” na pinaikli ng salitang “Anong masasabi mo roon?” upang mapadali ang ating pakikipag-ugnayan; dito nawawalang silbi ang nakasanayang mga salita ng ating mga kapwa.

Sa pag-unlad ng ating bansa at pagbabago ng panahon, nagbabago na rin ang ating sariling wika; ito ay marahil sa iba’t ibang uri ng pakikipagtalastasan gamit ang makabagong teknolohiya. Talamak din ang paggamit ng akronim sa *social media* kung saan nagrerepresenta ang isang letra ng isang salita. Isa pa sa nauuso sa panahon ngayon ay ang makabagong salita o *slang word* tulad ng *selfie*. Laganap din ngayon ang paggamit ng salitang balbal na tinatawag ding salitang kanto o kalye.

Isa sa masamang mga epekto ng teknolohiya sa wika ay ang pagiging asa na lamang sa teknolohiya tulad ng *smartphone*, *tablet*, at *laptop* para sa kanilang araw-araw na pangangailangan. Nagiging ugat din ng hindi pagkakaunawaan ng mga mamamayan ang paggamit ng teknolohiya sapagkat may kanya-kanyang pananaw ang ibang tao. Kung kaya, malakas ang loob nilang makipagsagutan sa isa’t isa lalong-lalo na at ito ay magagawa sa pamamagitan ng pagpindot lamang kahit walang pagkilos na nagaganap. Isa pa sa mga epekto ng teknolohiya sa ating wika ay nawawalang halaga ang ating pinag-aralan sa eskuwelahan sapagkat nagpopokus ang mamamayan sa iba’t ibang pananaw marahil sa kanilang nakikita sa *social media*; nakakawalang pokus sa sambahayan ang paggamit ng makabagong teknolohiya dahil sa mga *gadget* na laging gamit ng mga tao sa araw-araw nilang pamumuhay.

Sanggunian:<https://usapingfilipino.wordpress.com/2016/11/13/epekto-ng-teknolohiya-sa-wika/>

Sagutin at ipaliwanag ang mga sumusunod na mga tanong. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

1. Ano ang epekto ng paggamit ng teknolohiya sa wikang Filipino?


2. Ipaliwanag ang sumusunod na mga salita ukol sa nangyayari sa wika sa kasalukuyang panahon.

a. Pagpapaikli ng salita:


b. Paggamit ng akronim:

c. Paggamit ng mga *slang word*:

Suriing mabuti ang mga *icon* sa loob ng kahon at kilalanin ito.



1. Pangalanan mo ang pamilyar na mga *icon* sa *social media* na nasa loob ng kahon.
2. Paano nagagamit sa sitwasyong pangwika ang mga *icon* na pinangalanan mo?



Pagyamanin

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang isang *text* at isang teksto. Piliin ang titik ng piniling sagot at isulat sa iyong sagutang papel.

elow poh tita...
gud ev. Pnpatnong
ni momy qng tloy
dw u tom w8t nia
poh kau sa bhay.

1. Ano ang epekto nito sa mga mag-aaral sa pagkatuto sa paggamit ng wika?
 - a. hindi mabasa
 - b. magiging mahina sa pagbaybay ng salita
 - c. mahirap intindihin ang mensahe
 - d. maling impormasyon
2. Paano ginamit ang wika sa pagpo-*post* ng mensahe?
 - a. halo-halong letra
 - b. madalian
 - c. pinaikli at halo-halong karakter
 - d. walang mga bantas ang salita

Teksto para sa tanong 3-5.

Wika sa Teknolohiya

ni Obero, Callaman, at Razonado

Sa pag-usbong ng teknolohiya, sa paggamit nito ng wika hindi natin maitatangi na malaki ang epekto nito sa ating sariling wika. Sa modernong panahon, mas madali na ang komunikasyon kung kaya't mas madaling maipapasa ang mga wikang di-pormal. Nakatatawang isipin na kahit tayo ay mga Pilipino may iilang tao pa rin ang hindi ganoon kabihasa gamitin ang wikang Tagalog.

Ang mga Pilipino ay lulong na lulong na sa *social media*. Ayon sa aming pananaliksik, mayroong 30 milyong tao ang gumagamit ng Facebook, 4.9 milyon naman sa Twitter, at 25 milyon sa YouTube noong 2014. Dahil nga ba sa teknolohiya ay mas umusbong ang di-pormal na mga salita?


Iyo pa bang ginagamit ang nakagisnan o sinaunang wika? Mahalaga ba ang paggamit ng nakagisnang wika? Sa paanong paraan tayo naiimpluwensiyahan sa makabagong salita? Sa paanong paraan napangangalagaan ang ating kinagisnang wika? Dapat bang mahalín ang ating sariling wika?

<https://bettercomingcom.wordpress.com>

3. Anong wika ang ginamit sa pagbibigay ng impormasyon?
 - a. halo-halong wika
 - b. purong Filipino
 - c. purong Ingles
 - d. wikang ayon sa nilalaman

4. Paano ipinaalam sa teksto ang bilang ng mga lulong sa social media?
 - a. ginamit ang wikang dayuhan
 - b. ginamitan ng salitang malalim
 - c. gumamit ng estadistika
 - d. gumamit ng mga tanong

5. Anong situwasyon sa social media ang ginamit para maihatid ang mensahe?
 - a. facebook
 - b. pm
 - c. twitter
 - d. wordpress



Isaisip

Panuto: Suriin ang maikling pag-uusap o diyalogo ng mga kabataan. Basahin at unawaing mabuti ang mga tanong. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

Bata 1: EyoW PfoUwhsZ!

Bata 2: OhwKiEe lAngh naeManN dHEar

Bata 1: nHakAkAtwAh nmAhn


Bata 2: oU NgHa pFhou

Bata 1: N4i!n+1nD!h4n nY0oHw Pfu0H b4nGzZ 5!n4\$4b!
kOwhH???

Bata 2: saKeht sA uLowh mgIng jHejhEmowN

1. Angkop ba ang pagkakagamit ng wika? Pangatuwiran.

2. Ano kaya ang mangyayari kung sa ganitong paraan magsasalita ang lahat ng mga Pilipino? Ipaliwanag.



Isagawa

Sa modernong panahon, siguradong marami ka nang alam na salita mula sa mga nababasa mo sa *social media* at naririnig mo sa iba't ibang taong nakasasalamuha mo sa araw-araw. Sa gawaing ito, ibigay mo ang iyong kaalamang natutuhan.

Panuto: Pansinin ang pagkakabaybay sa pagbasa ng mga letra o titik sa Alpabetong Filipino at sagutin ang sumusunod na mga tanong.

Ei	vbie	Xi3	dHie	iHh	eFfx
6i3	eyTch	ail	jHie	K3i	eL
3m	3N	oWh	fPie	qyu	aR3
e\$	tIe	yuO	bVi3	dobOl yuO	exh
Wai	zey				

1. Kung isa ka sa mga kabataang tumatangkilik ng wikang pan-*text*, ano ang natutuhan mo sa paggamit nito?

2. Paano nakaaapekto sa kabataang tulad mo ang paraan ng pagbabaybay ng salita sa *social media*?




Tayahin

Mahusay! Narito ka na sa pagtatapos ng modyul. Basahin at unawaing mabuti ang panuto at magpatuloy ka sa pagdukal ng kaalaman.

Panuto: Sagutin ang sumusunod na pahayag. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

- Kadalasang nababanggit ang salitang ito sa mga inuman. Nagmula ito sa mga salitang “walang pakialam,” “walang pangarap” at “walang kinabukasan.”
 - hokage*
 - ninja moves*
 - pabebe
 - walwal
- Ito ay salitang beki na pamalit sa mga termino na hindi masabi o maalala. Noong dekada '80, ibig sabihin nito ay “any-any” o kung ano-ano lang. At nung dekada '90 naman, naging “anik-anik” at sa kasalukuyan, _____ na!
 - bae*
 - beast mode*
 - Edi wow!
 - eme-eme
- Ito na raw ang bagong termino para sa mga kalalakihan na pasimpleng dumidiskarte sa napupusuang babae.
 - bae*
 - hokage*
 - ninja moves*
 - pabebe
- Ang salitang ito ay ginagamit ngayon ng mga *millennial* upang ipahiwatig na sila ay galit o naiinis.
 - bae*
 - beast mode*
 - ninja moves*
 - pabebe
- Nagmula ito sa salitang “ninja” o mga warrior na mayroong kakaibang galing, bilis kumilos, at diskarte na maisakatuparan ang kanilang misyon nang hindi masyadong napapansin.
 - bae*
 - beast mode*
 - ninja moves*
 - pabebe
- Ito ang mga wikang tinaguriang *gaylingo*.
 - bekimon*
 - eme-eme
 - hokage*
 - jejemon*
- Ito ang ginagawa pagkatapos magbigay ng pahayag o reaksiyon sa nabasa sa *internet*.
 - message*
 - post*
 - react*
 - text*

8. Paraan ng mga *texter* sa pagsulat ng salita sa kanilang mensahe.
- | | |
|--------------------|---------------------------|
| a. <i>all caps</i> | c. halong letra at bilang |
| b. <i>code</i> | d. lahat italisado |
9. Pinakamodernong *gadget* na ginagamit nang halos lahat ng tao para sa pakikipag-ugnayan sa kapwa na puwedeng dalhin kahit saan.
- | | |
|---------------------|---------------------|
| a. <i>cellphone</i> | c. radyo |
| b. <i>internet</i> | d. <i>telephone</i> |
10. Umunlad at nauso ang bagong mga salita dahil sa _____.
- | | |
|-----------------------|------------------------|
| a. <i>anti-media</i> | c. <i>no media</i> |
| b. <i>local media</i> | d. <i>social media</i> |
11. Wikang ginagamit kapag nagpo-*post* sa *personal messages*.
- | | |
|---------------------|---------------------------|
| a. impormal na wika | c. wikang naiiba sa lahat |
| b. pormal na wika | d. wikang pare-pareho |
12. Mananatiling Ingles ang wika nito kahit may mga impormasyon o kaalamang nasusulat sa wikang Filipino o Tagalog.
- | | |
|--------------------|----------------------------|
| a. <i>gadget</i> | c. <i>personal message</i> |
| b. <i>internet</i> | d. <i>text</i> |
13. Sila ang mga mahuhusay sa pagpapalit-palit, pagpapaikli at paggamit ng makabagong salita.
- | | |
|--------------|--------------------------|
| a. dalubwika | c. matatanda |
| b. kabataan | d. <i>senior citizen</i> |
14. Ito ang naitutulong ng *social media* sa kalagayang pangwika.
- | | |
|---------------------|--------------|
| a. istandardisasyon | c. makilala |
| b. maisalita | d. pagbabago |
15. Isa sa mga nababago sa mga kabataan sa paggamit ng wika sa *social media*.
- | | |
|-------------|----------------|
| a. ispelang | c. mensahe |
| b. kultura | d. <i>text</i> |



Karagdagang Gawain


Binabati kita! Natapos mo nang mapagtagumpayan ang mga pagsubok sa modyul na ito. Dahil diyan, nais kong maging handa ka sa susunod na pagsubok na iyong kahaharapin.

Pagtibayin natin ang iyong natutuhan sa gawaing ito.

Panuto: Magtala ka ng tatlong ginagamit mong websites o social media applications. Ano ang isinusulat o ipino-*post* mo sa naturang mga website/social media? Sagutan ito sa iyong papel.

Websites/Social Media

Isinusulat o ipino-*post* mo



Susi sa Pagwawasto

15. A 14. D 13. B 12. B 11. A 10. D 9. C 8. A 7. B 6. A 5. C 4. B 3. B 2. D 1. D Tayahin	5. D 4. A 3. D 2. C 1. B Pagymanin	Subkin 1. A 2. D 3. C 4. A 5. D 6. B 7. B 8. A 9. D 10. C 11. D 12. A 13. C 14. A 15. A Balikan C C A
--	--	--

Sanggunian

Alcaraz, Cid, etal. 2016. *Komunikasyon at Pananaliksik para sa Senior High School*, Cubao, Quezon City: Education Resource Corporation.

Pena, Esterlla L., etal. 2017. *Kanlungan 11A Komunikasyon sa Wika at Kulturang Pilipino*, Ermita, Manila: Elp Campus Journal Printing.

(<https://takdangaralin.ph/barayti-ng-wika/> at Retorika (Filipino III))

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph